Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) *na iniaalok ng* Health Net Community Solutions, Inc.

Taunang Abiso ng mga Pagbabago para sa 2024

Kasalukuyan kayong nakatala bilang miyembro ng Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP). Sa susunod na taon, magkakaroon ng mga pagbabago sa mga halaga at benepisyo ng plano. ***Pakitingnan ang pahina 4 para sa Buod ng Mahahalagang Gastos, kabilang ang Premium.***

Nakasaad sa dokumentong ito ang mga pagbabago sa inyong plano. Para makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga gastos, benepisyo, o panuntunan, pakibasa ang *Katibayan ng Pagsaklaw*, na nasa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Maaari din kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para hilingin sa amin na magpadala sa inyo sa koreo ng *Katibayan ng Pagsaklaw*.

Ang mga gagawin ngayon

1. MAGTANONG: Aling mga pagbabago ang nalalapat sa inyo

☐ Alamin ang mga pagbabago sa aming mga benepisyo at halaga upang makita kung maaapektuhan kayo ng mga ito.

- Basahin ang mga pagbabago sa mga gastos sa medikal na pangangalaga (doktor, ospital).
- Basahin ang mga pagbabago sa aming saklaw sa gamot, kabilang ang mga kinakailangan sa awtorisasyon at mga gastos.
- Isipin kung magkano ang magagastos ninyo sa mga premium, naibabawas, at bahagian sa gastos.

☐ Tingnan ang mga pagbabago sa "Listahan ng Gamot" para sa 2024 para tiyaking saklaw pa rin ang mga gamot na kasalukuyan ninyong iniinom.

☐ Tingnan kung nasa aming network ang inyong mga doktor sa pangunahing pangangalaga, espesyalista, at iba pang tagapagbigay ng serbisyo sa susunod na taon.

☐ Pag-isipan kung nasisiyahan kayo sa aming plano.

2. MAGKUMPARA: Alamin ang tungkol sa iba pang mapagpipiliang plano

☐ Alamin ang saklaw at mga halaga ng plano sa inyong lugar. Gamitin ang Medicare Plan Finder sa www.medicare.gov/plan-compare website o basahin ang listahan sa likod ng iyong handbook na *Medicare at Ikaw 2024*.

☐ Kapag nabawasan na ninyo ang inyong mapagpipilian hanggang sa isang pinakagustong plano, kumpirmahin ang inyong mga halaga at saklaw sa website ng plano.

3. PUMILI: Magpasya kung gusto ninyong palitan ang inyong plano

- Kung hindi kayo sasali sa ibang plano hanggang sa Disyembre 7, 2023, mananatili kayo sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).
- Para **lumipat sa ibang plano**, maaari kayong magpalit ng plano mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Magsisimula ang bago ninyong saklaw sa **Enero 1, 2024**. Wawakasan nito ang pagpapatala ninyo sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).
- Tingnan ang Seksyon 4, pahina 21 upang malaman pa ang tungkol sa inyong mga mapagpipilian.
- Kung kakapasok lang ninyo, kung kasalukuyan kayong nasa loob, o kung kalalabas lang ninyo sa isang institusyon (gaya ng pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (skilled nursing facility) o ospital ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care hospital)), puwede kayong lumipat ng plano o lumipat ng Original Medicare (may hiwalay man na plano sa inireresetang gamot ng Medicare o wala) anumang oras.

Mga Karagdagang Mapagkukunan

- Available ang dokumentong ito nang libre sa Espanyol, Chinese, Vietnamese, Tagalog, at Russian.
- Mangyaring makipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo para sa Miyembro sa numerong 1-800-431-9007 para sa karagdagang impormasyon. (Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 711.) Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag na ito.
- Dapat kaming magbigay ng impormasyon sa paraang kapaki-pakinabang para sa inyo (sa mga wika bukod sa Ingles, sa braille, sa audio, sa malaking print, o sa iba pang alternatibong format, atbp.). Pakitawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung kailangan ninyo ng impormasyon ng plano sa ibang format.
- **Ang saklaw sa ilalim ng Plan na ito ay kwalipikado bilang Qualifying Health Coverage (QHC)** at nakakatugon sa kinakailangan sa pinagsasaluhang responsibilidad ng indibidwal sa Patient Protection and Affordable Care Act (ACA). Pakibisita ang website ng Internal Revenue Service (IRS) sa www.irs.gov/Affordable-Care-Act/Individuals-and-Families para sa higit pang impormasyon.

Tungkol sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)

- Ang Wellcare ang Medicare brand para sa Centene Corporation, isang HMO, PPO, PFFS, PDP plan na may kontrata sa Medicare at isang aprubadong Part D Sponsor. Ang aming mga D-SNP na plano ay may kontrata sa programang Medicaid ng estado. Nakadepende sa pag-renew ng kontrata ang pagpapatala sa aming mga plano.
- Kapag ginamit ng dokumentong ito ang salitang “kami,” “namin,” o “amin,” ang ibig nitong sabihin ay ang Health Net Community Solutions, Inc. Kapag sinabi nitong “plano” o “aming plano,” ang ibig nitong sabihin ay ang Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).

OMB Approval 0938-1051 (Expires: February 29, 2024)

Taunang Abiso ng mga Pagbabago para sa 2024
Talaan ng mga Nilalaman

Buod ng Mahahalagang Gastos para sa 2024 4

SEKSYON 1 Maliban na lang kung Pipili Kayo ng Ibang Plano, Awtomatiko Kayong Itatala sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) sa 2024 5

SEKSYON 2 Mga Pagbabago sa mga Benepisyo at Halaga para sa Susunod na Taon .. 5

Seksyon 2.1 – Mga Pagbabago sa Buwanang Premium 5

Seksyon 2.2 – Mga Pagbabago sa Inyong Maximum na Halaga mula sa Sariling Bulsa 5

Seksyon 2.3 – Mga Pagbabago sa Mga Network ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya 6

Seksyon 2.4 – Mga Pagbabago sa mga Benepisyo at Halaga para sa mga Serbisyong Medikal 7

Seksyon 2.5 – Mga Pagbabago sa Saklaw na Inireresetang Gamot sa Part D 17

SEKSYON 3 Mga Administratibong Pagbabago 20

SEKSYON 4 Pagpapasya Kung Alin ang Pipiliing Plano 21

Seksyon 4.1 – Kung gusto ninyong manatili sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) 21

Seksyon 4.2 – Kung gusto ninyong magpalit ng plano 21

SEKSYON 5 Pagpapalit ng Plano 22

SEKSYON 6 Mga Programang Nag-aalok ng Libreng Pagpapayo tungkol sa Medicare at Medicaid 22

SEKSYON 7 Mga Programang Nakakatulong na Bayaran ang mga Inireresetang Gamot 23

SEKSYON 8 May mga tanong? 24

Seksyon 8.1 – Pagkuha ng Tulong mula sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) 24

Seksyon 8.2 – Pagkuha ng Tulong mula sa Medicare 24

Seksyon 8.3 – Pagkuha ng Tulong mula sa Medicaid 25

Buod ng Mahahalagang Gastos para sa 2024

Inihahambing ng talahanayan sa ibaba ang mga gastos sa taong 2023 at 2024 para sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) sa maraming mahahalagang bahagi. **Pakitandaan na buod lang ito ng mga gastusin.**

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Buwanang premium sa plano* * Maaaring mas mataas sa halagang ito ang inyong premium. Tingnan ang Seksyon 2.1 para sa mga detalye.	$0	$0
Mga pagpapatingin sa doktor	Mga pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga: $0 copay sa bawat pagpapatingin Mga pagpapatingin sa espesyalista: $0 copay sa bawat pagpapatingin	Mga pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga: $0 copay sa bawat pagpapatingin Mga pagpapatingin sa espesyalista: $0 copay sa bawat pagpapatingin
Mga pamamalagi sa ospital ng pasyenteng naka-confine	Para sa mga sinasaklaw na pagpapaospital, kada pagpapaospital: $0 copay para sa bawat saklaw na pananatili sa ospital.	Para sa mga sinasaklaw na pagpapaospital, kada pagpapaospital: $0 copay para sa bawat saklaw na pananatili sa ospital.
Part D na saklaw na inireresetang gamot (Tingnan ang Seksyon 2.5 para sa mga detalye.)	Naibabawas: $0 Bahaginan-sa-bayad sa Yugto ng Paunang Saklaw: Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa lahat ng saklaw na gamot sa Part D. Catastrophic na Pagsaklaw: Sa yugto ng pagbabayad na ito, ang plano ang magbabayad ng buong gastos para sa mga saklaw ninyong gamot sa Part D. Wala kayong babayaran.	Naibabawas: $0 Bahaginan-sa-bayad sa Yugto ng Paunang Saklaw: Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa lahat ng saklaw na gamot sa Part D. Catastrophic na Pagsaklaw: Sa yugto ng pagbabayad na ito, ang plano ang magbabayad ng buong gastos para sa mga saklaw ninyong gamot sa Part D. Wala kayong babayaran.
Maximum na halaga mula sa sariling bulsa Ito ang pinakamalaking halagang babayaran ninyo mula sa sariling bulsa para sa inyong mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B. (Tingnan ang Seksyon 2.2 para sa mga detalye.)	$8,300 Wala kayong responsibilidad na magbayad ng anumang gastos mula sa bulsa hanggang sa maximum na halaga mula sa sariling bulsa para sa mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B.	$8,850 Wala kayong responsibilidad na magbayad ng anumang gastos mula sa bulsa hanggang sa maximum na halaga mula sa sariling bulsa para sa mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B.

SEKSYON 1 Maliban na lang kung Pipili Kayo ng Ibang Plano, Awtomatiko Kayong Itatala sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) sa 2024

Sa Enero 1, 2024, pagsasamahin na ng Health Net Community Solutions, Inc. ang Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) at ang isa sa aming mga plano, ang Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) . Ipinapaalam sa inyo ng impormasyon sa dokumentong ito ang tungkol sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kasalukuyan ninyong benepisyo sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP) at mga magiging benepisyo ninyo sa Enero 1, 2024, bilang isang miyembro ng Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).

Kung wala kayong gagawin sa 2023, awtomatiko namin kayong itatala sa aming Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP). Ibig sabihin, simula sa Enero 1, 2024, makukuha ninyo ang inyong medikal na saklaw at saklaw sa inireresetang gamot sa pamamagitan ng Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP). Kung gusto ninyong lumipat ng plano o lumipat ng Original Medicare at natatanggap ninyo ang inyong saklaw sa inireresetang gamot sa pamamagitan ng isang Plano sa Inireresetang Gamot, dapat ninyo itong gawin mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Magkakabisa ang pagbabago sa Enero 1, 2024.

SEKSYON 2 Mga Pagbabago sa mga Benepisyo at Halaga para sa Susunod na Taon

Seksyon 2.1 – Mga Pagbabago sa Buwanang Premium

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Buwanang premium (Kailangan din ninyong patuloy na bayaran ang inyong premium sa Part B ng Medicare maliban kung binabayaran ito para sa inyo ng Medicaid.)	$0	$0

Seksyon 2.2 – Mga Pagbabago sa Inyong Maximum na Halaga mula sa Sariling Bulsa

Iniaatas ng Medicare sa lahat ng planong pangkalusugan na limitahan kung magkano ang babayaran ninyo mula sa sariling bulsa sa loob ng taon. Ang limitasyong ito ay tinatawag na maximum na halaga mula sa sariling bulsa. Kapag naabot na ninyo ang halagang ito, sa pangkalahatan, wala kayong babayaran para sa mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B para sa kabuuan ng taon.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Maximum na halaga mula sa sariling bulsa **Dahil nakakakuha rin ang aming mga miyembro ng tulong mula sa Medicaid, iilang miyembro lang ang nakakaabot sa maximum na halagang ito mula sa sariling bulsa.** Wala kayong responsibilidad na magbayad ng anumang gastos mula sa bulsa hanggang sa maximum na halaga mula sa sariling bulsa para sa mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B. Ang inyong mga gastusin para sa mga saklaw na serbisyong medikal (gaya ng mga copay) ay binibilang kasama ng inyong maximum na halaga mula sa sariling bulsa. Ang inyong mga gastusin para sa mga inireresetang gamot ay hindi binibilang kasama ng inyong maximum na halaga mula sa sariling bulsa.	$8,300	$8,850 Kapag nabayaran na ninyo ang $8,850 mula sa sariling bulsa para sa mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B, wala kayong babayaran para sa inyong mga saklaw na serbisyo sa Part A at Part B para sa natitirang bahagi sa taon sa kalendaryo.

Seksyon 2.3 – Mga Pagbabago sa Mga Network ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya

Makikita ang mga updated na direktoryo sa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa updated na impormasyon tungkol sa tagapagbigay ng serbisyo at/o parmasya o para hilingin sa amin na padalhan kayo ng direktoryo sa mail, na ipapadala namin sa mail sa loob ng tatlong araw na may pasok.

May mga pagbabago sa aming network ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa susunod na taon. **Pakibasa ang *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya* sa 2024 upang makita kung nasa aming network ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo (tagapagbigay ng serbisyo ng pangunahing pangangalaga, espesyalista, ospital, atbp.).**

May mga pagbabago sa aming network ng mga parmasya para sa susunod na taon. **Pakibasa ang *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya* sa 2024 upang makita kung aling mga parmasya ang nasa aming network.**

Mahalagang alam ninyo na maaari kaming gumawa ng mga pagbabago sa mga ospital, doktor at espesyalista (tagapagbigay ng serbisyo), at mga parmasya na bahagi ng inyong plano sa kabuuan ng taon. Kung may makakaapekto sa inyong pagbabago sa aming mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalagitnaan ng taon, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para makatulong kami.

Seksyon 2.4 – Mga Pagbabago sa mga Benepisyo at Halaga para sa mga Serbisyong Medikal

Pakitandaang ipinapaalam sa inyo ng *Taunang Abiso ng mga Pagbabago* ang tungkol sa mga pagbabago sa inyong mga benepisyo at gastos sa Medicare.

May mga isasagawa kaming pagbabago sa mga gastos at benepisyo para sa ilang partikular na medikal na serbisyo sa susunod na taon. Inilalarawan ng impormasyon sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Mga Paunang Awtorisasyon	May pagbabago sa mga kinakailangan sa paunang awtorisasyon ang mga sumusunod na benepisyo sa loob ng network.	
	• Puwedeng mangailangan ng paunang awtorisasyon ang outpatient na obserbasyon sa ospital.	• Hindi nangangailangan ng paunang awtorisasyon ang outpatient na obserbasyon sa ospital.
Mga Referral	May pagbabago sa mga kinakailangan sa referral ang mga sumusunod na benepisyo sa loob ng network.	
	• Puwedeng mangailangan ng referral ang karaniwang acupuncture. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng Baga at Puso. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga chiropractic na serbisyo. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga hearing aid. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga pagsusuri sa pandinig.	• Hindi nangangailangan ng referral ang mga karaniwang acupuncture. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng Baga at Puso. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga chiropractic na serbisyo. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga hearing aid. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga pagsusuri sa pandinig.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
	• Puwedeng mangailangan ng referral ang mga kalusugang pantahanan. • Puwedeng mangailangan ng referral ang inpatient na pangangalaga sa ospital. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga inpatient na serbisyo sa isang psychiatric na ospital. • Puwedeng mangailangan ng referral ang eyewear. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo sa programang paggamot sa opioid. • Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Mga outpatient na serbisyo sa ospital. • Maaaring mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng diagnostic radiology. • Maaaring mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng therapeutic radiology. • Maaaring mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng x-ray. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor- Iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.	• Hindi nangangailangan ng referral ang kalusugang pantahanan. • Hindi nangangailangan ng referral ang inpatient na pangangalaga sa ospital. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga inpatient na serbisyo sa isang psychiatric na ospital. • Hindi nangangailangan ng referral ang eyewear. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo sa programang paggamot sa opioid. • Hindi nangangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Mga outpatient na serbisyo sa ospital. • Hindi kailangan ng referral ng mga serbisyo ng diagnostic radiology. • Hindi kailangan ng referral ng mga serbisyo ng therapeutic radiology. • Hindi kailangan ng referral ng mga serbisyo ng x-ray. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor- Iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
	• Puwedeng mangailangan ng referral ang mga Barium Enema na saklaw ng Medicare. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga Digital Rectal Exam na saklaw ng Medicare. • Puwedeng mangailangan ng referral ang Screening para sa Glaucoma. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga outpatient na diagnostic na pagsusuri at mga therapeutic na serbisyo at supply - Mga diagnostic na procedure, pagsusuri, at serbisyo lab. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga outpatient na diagnostic na pagsusuri at mga therapeutic na serbisyo at supply - Mga outpatient na serbisyo sa dugo. • Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na pangangalaga sa kalusugan sa pag-iisip - Mga serbisyong hindi psychiatric. • Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na pangangalaga sa kalusugan sa pag-iisip - Mga serbisyong psychiatric. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng PT at speech language pathology. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyong rehabilitasyon sa pasyenteng hindi naka-confine - Occupational therapy.	• Hindi nangangailangan ng referral ang mga Barium Enema na saklaw ng Medicare. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga Digital Rectal Exam na saklaw ng Medicare. • Hindi nangangailangan ng referral ang Screening para sa Glaucoma. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga outpatient na diagnostic na pagsusuri at mga therapeutic na serbisyo at supply - Mga diagnostic na procedure, pagsusuri, at serbisyo lab. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga outpatient na diagnostic na pagsusuri at mga therapeutic na serbisyo at supply - Mga outpatient na serbisyo sa dugo. • Hindi nangangailangan ng referral ang outpatient na pangangalaga sa kalusugan sa pag-iisip - Mga serbisyong hindi psychiatric. • Hindi nangangailangan ng referral ang outpatient na pangangalaga sa kalusugan sa pag-iisip - Mga serbisyong psychiatric. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo ng PT at speech language pathology. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyong rehabilitasyon sa pasyenteng hindi naka-confine - Occupational therapy.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
	• Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na serbisyo sa pang-aabuso sa substance. • Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Mga outpatient na obserbasyon sa ospital. • Puwedeng mangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Center ng ambulatoryong operasyon. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo sa bahagyang pagkakaospital. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor - Espesyalista. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor - Mga karagdagang serbisyo sa telehealth. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo sa paa. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga pagsusuri sa mata.	• Hindi nangangailangan ng referral ang mga outpatient na serbisyo sa pang-aabuso sa substance. • Hindi nangangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Mga outpatient na obserbasyon sa ospital. • Hindi nangangailangan ng referral ang outpatient na surgery, kasama ang mga serbisyong ibinibigay sa mga outpatient na pasilidad ng ospital at mga center ng ambulatoryong operasyon - Center ng ambulatoryong operasyon. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo sa bahagyang pagkakaospital. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor - Espesyalista. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo ng doktor/practitioner, kabilang ang mga pagbisita sa opisina ng doktor - Mga karagdagang serbisyo sa telehealth. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo sa paa. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga pagsusuri sa mata.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
	• Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo para gamutin ang mga sakit at kondisyon sa bato - Mga Serbisyo ng Dialysis. • Puwedeng mangailangan ng referral ang mga serbisyo para gamutin ang mga sakit at kondisyon sa bato - Mga serbisyo ng edukasyon tungkol sa sakit sa bato. • Puwedeng mangailangan ng referral ang pangangalaga sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (SNF). • Puwedeng mangailangan ng referral ang Pinapangasiwaang Ehersisyo na Therapy (SET).	• Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo para gamutin ang sakit sa bato, kabilang ang dialysis. • Hindi nangangailangan ng referral ang mga serbisyo para gamutin ang mga sakit at kondisyon sa bato - Mga serbisyo ng edukasyon tungkol sa sakit sa bato. • Hindi nangangailangan ng referral ang pangangalaga sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (SNF). • Hindi nangangailangan ng referral ang Pinapangasiwaang Ehersisyo na Therapy (SET).
Pang-emergency na pangangalaga - Pandaigdigang pang-emergency na saklaw	Magbabayad kayo ng $95 na copay para sa bawat saklaw na serbisyo. Hindi iwe-waive ang bahaginan-sa-bayad kung maa-admit sa ospital.	Magbabayad kayo ng $100 na copay para sa bawat saklaw na serbisyo. Hindi iwe-waive ang bahaginan-sa-bayad kung maa-admit sa ospital.
Healthy Foods Card **Inaprubahan ng Medicare ang Wellcare na magbigay ng mga benepisyong ito bilang bahagi ng Value-Based Insurance Design program. Sa pamamagitan ng programang ito, nakakasubok ng mga bagong paraan ang Medicare para mapahusay ang mga Medicare Advantage plan.**	Makakatanggap kayo ng allowance na $25 kada buwan para gastusin sa mga kwalipikadong produkto sa grocery sa mga kasaling retailer. Hindi madadala ang allowance na ito sa susunod na buwan.	Sinasaklaw na ang Healthy Foods Card sa ilalim ng Wellcare Spendables™. Pakibasa ang seksyon ng Wellcare Spendables™ sa chart na ito para sa higit pang impormasyon.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Mga Pagkain - Chronic (nalalapat ang mga limitasyon at pagbubukod)	Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa mga pagkain para sa may chronic na kundisyon. May maximum na 3 pagkain kada araw para sa hanggang 28 araw, para sa maximum na 84 na pagkain kada buwan. Ang benepisyo ay maaaring tanggapin nang hanggang 3 buwan.	Benepisyo sa mga pagkain - hindi sinasaklaw ang para sa may chronic na kundisyon.
Pangangalaga sa kalusugan ng isip ng pasyenteng hindi kailangang i-confine - Mga non-psychiatric na serbisyo - Mga panggrupong session	Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa bawat Panggrupong Session na saklaw ng Medicare. Hindi saklaw ang mga serbisyo ng pagpapayo para sa pagdadalamhati, kasal at mga relasyon, paglutas ng hindi pagkakaunawaan, at pag-angkop sa mga pagbabago sa buhay.	Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa bawat Panggrupong Session na saklaw ng Medicare. Saklaw ang mga serbisyo ng pagpapayo para sa pagdadalamhati, kasal at mga relasyon, paglutas ng hindi pagkakaunawaan, at pag-angkop sa mga pagbabago sa buhay.
Pangangalaga sa kalusugan ng isip ng pasyenteng hindi kailangang i-confine - Mga non-psychiatric na serbisyo - Mga indibidwal na session	Magbabayad kayo ng $0 copay para sa bawat Indibidwal na Session na saklaw ng Medicare. Hindi saklaw ang mga serbisyo ng pagpapayo para sa pagdadalamhati, kasal at mga relasyon, paglutas ng hindi pagkakaunawaan, at pag-angkop sa mga pagbabago sa buhay.	Magbabayad kayo ng $0 copay para sa bawat Indibidwal na Session na saklaw ng Medicare. Saklaw ang mga serbisyo ng pagpapayo para sa pagdadalamhati, kasal at mga relasyon, paglutas ng hindi pagkakaunawaan, at pag-angkop sa mga pagbabago sa buhay.
Benepisyo sa nabibili nang walang reseta	Magbabayad kayo ng $0 na copay. Makakatanggap kayo ng benepisyong $220 kada quarter na maaaring gastusin sa mga kwalipikadong nabibili nang walang reseta (OTC) na produkto sa pamamagitan ng mail-order o sa mga kasaling retailer. Hindi madadala ang benepisyong ito sa susunod na period.	Saklaw na ang mga nabibili nang walang reseta na item sa ilalim ng Wellcare Spendables™. Pakibasa ang seksyon ng Wellcare Spendables™ sa chart na ito para sa higit pang impormasyon.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Pangangalaga sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (SNF)	Para sa pagpapaospital na saklaw ng Medicare bawat panahon ng benepisyo: Araw 1-100: Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa bawat pananatili sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga na saklaw ng Medicare. Pagkalampas ng 100 araw: Kayo ang mananagot sa lahat ng gastos.	Para sa sinasaklaw ng Medicare na pagpapaospital kada pagpapaospital: Araw 1-100: Magbabayad kayo ng $0 na copay para sa bawat pananatili sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga na saklaw ng Medicare. Pagkalampas ng 100 araw: Kayo ang mananagot sa lahat ng gastos.
Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga May Malulubhang Karamdaman (SSBCI) - Tulong sa Utility Ang mga nabanggit na benepisyo ay posibleng bahagi ng Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga May Malulubhang Karamdaman. Hindi lahat ng miyembro ay kuwalipikado. Dapat ninyong matugunan ang mga alituntunin sa pagiging kuwalipikado para sa mga sumusunod na benepisyo ng plano.	Tulong sa Utility: Magbabayad kayo ng $0 na copay. Kung kuwalipikado, mag-aalok ang plano ng prepaid na Visa debit card na may limitasyon na $75 kada buwan para makatulong na masagot ang gastos sa mga utility sa bahay ninyo. Mag-e-expire sa katapusan ng bawat buwan ang anumang hindi nagamit na benepisyong Tulong sa Utility. Kabilang sa mga aprubadong serbisyo ng utility para sa benepisyong ito ang: - Kuryente, gas, sanitary, at tubig - Serbisyo ng landline na telepono - Serbisyo ng cable TV - Ilang partikular na gastos sa petrolyo	Hindi saklaw ang Tulong sa Utility sa ilalim ng SSBCI. Dahil kasali ang aming plano sa Value Based Insurance Design Program (VBID), saklaw na ang Tulong sa Utility sa ilalim ng Wellcare Spendables™. Pakibasa ang seksyon ng Wellcare Spendables™ sa chart na ito para sa higit pang impormasyon. Para makuha ang mga benepisyo, hindi kailangan ng mga miyembro na matugunan ang mga alituntunin sa pagiging kwalipikado at sa pagsali.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Hindi Pang-emergency na Medikal na Transportasyon	Magbabayad kayo ng $0 copay para sa 48 one-way na biyaheng hindi pang-emergency sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar kada taon. Limitado ang mga sakay (tinatawag ding “mga biyahe”) sa 75 milyang one-way. Para sa regular na pangangalaga, tumawag nang hanggang 1 buwan at hindi bababa sa 3 araw nang maaga. Nakadepende sa availability ang mga pagsakay sa parehong araw. Itinuturing na one-way na transportasyon ang isang biyahe gamit ang taxi, van, o mga serbisyo ng ridesharing papunta sa isang lokasyong nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan.	Magbabayad kayo ng $0 copay para sa 24 na one-way na biyaheng hindi pang-emergency sa loob ng aming sineserbisyuhang lugar kada taon. Limitado ang mga sakay (tinatawag ding “mga biyahe”) sa 75 milyang one-way at hanggang 4 na one-way na biyahe kada araw. Para sa regular na pangangalaga, tumawag nang hanggang 1 buwan at hindi bababa sa 3 araw nang maaga. Nakadepende sa availability ang mga pagsakay sa parehong araw. Itinuturing na one-way na transportasyon ang isang biyahe gamit ang taxi, van, o mga serbisyo ng ridesharing papunta sa isang lokasyong nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan.
Mga serbisyong agarang kinakailangan - Pandaigdigang saklaw sa agarang pangangalaga	Magbabayad kayo ng $95 na copay para sa bawat saklaw na serbisyo. Hindi iwe-waive ang bahaginan-sa-bayad kung maa-admit kayo sa isang ospital.	Magbabayad kayo ng $100 na copay para sa bawat saklaw na serbisyo. Hindi iwe-waive ang bahaginan-sa-bayad kung maa-admit kayo sa isang ospital.
Pangangalaga sa paningin - Karagdagang karaniwang eyewear	Hanggang $400 na pinagsama-samang credit kada taon para sa lahat ng karagdagang eyewear.	Hanggang $300 na pinagsama-samang credit kada taon para sa lahat ng karagdagang eyewear.

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Wellcare Spendables™	Hindi saklaw ang Wellcare Spendables™ card.	Magbabayad kayo ng $0 na copay. Makakatanggap kayo ng $75 na buwanang allowance na gagamitin para sa alinman sa mga benepisyong inilalarawan sa ibaba. Awtomatikong ilo-load ang allowance sa inyong Wellcare Spendables™ card sa simula ng bawat buwan. Ang anumang hindi nagamit na halaga sa allowance ay puwedeng i-roll over sa susunod na buwan at mag-e-expire ito sa katapusan ng bawat taon. Ang maximum na benepisyo ay $900 kada taon. Puwede ninyong gamitin ang halaga sa cad na ito para sa alinman sa mga sumusunod ayon sa inyong pangangailangan kung hindi ito lalampas sa maximum na balanse na nasa card. **Mga item na nabibili nang walang reseta (OTC)** Magagamit ninyo ang inyong Wellcare Spendables™ card sa mga item na nabibili nang walang reseta na aprubado ng plano. Puwedeng gamitin ang inyong card sa mga kasaling retail na lokasyon, online, o gamit ang mobile app para sa paghahatid sa bahay. **Inaprubahan ng Medicare ang Wellcare na magbigay ng mga sumusunod na benepisyo bilang bahagi ng Value-Based Insurance Design program. Sa pamamagitan ng programang ito, nakakasubok ng mga bagong paraan ang Medicare para mapahusay ang mga Medicare Advantage plan.**

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
		Dahil kasali ang inyong plano sa Value-Based Insurance Design Program, puwede rin ninyong gamitin ang inyong allowance sa Wellcare Spendables™ para sa alinman sa mga benepisyo sa ibaba: **Gasolina (magbayad sa pump)** Puwede ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables™ card para magbayad ng gasolina sa pump. Hindi puwedeng gamitin ang card para magbayad mismo sa cash register. Magagamit lang ang card ninyo para magkarga ng gasolina hanggang sa available na halaga ng allowance. **Malusog na Pagkain** Puwede ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables™ card para makatulong sa pagbabayad ng aprubadong malulusog at masustansyang pagkain at produkto sa mga kasaling retailer. Puwedeng mag-order ng mga inihanda nang pagkain gamit ang online portal. Hindi puwedeng gamitin ang allowance para bumili ng tabako o alak. Kabilang sa mga aprubadong item ang: • Karne, manok, at itlog • Mga prutas at gulay • Masustansyang inumin • At higit pa

Halaga	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
		Tulong sa Utility Puwede ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables™ card para makatulong sa pagbabayad ng mga utility sa inyong bahay na aprubado ng plano, kabilang ang: • Mga serbisyo sa mga utility ng kuryente, gas, sanitary/ basura, at tubig • Landline at cell phone service • Internet Service • Cable TV (hindi kasama ang mga streaming service) • Ilang gastusin sa petrolyo, gaya ng langis ng pampainit sa bahay **Tulong sa Renta** Puwede ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables™ card para makatulong sa pagbabayad ng renta ninyo sa bahay.

Seksyon 2.5 – Mga Pagbabago sa Saklaw na Inireresetang Gamot sa Part D

Mga Pagbabago sa Aming "Listahan ng Gamot"

Ang aming listahan ng mga saklaw na gamot ay tinatawag na Pormularyo o "Listahan ng Gamot." May ibibigay na kopya ng aming "Listahan ng Gamot" sa electronic na paraan.

Nagsagawa kami ng mga pagbabago sa aming "Listahan ng Gamot," na puwedeng kinabibilangan ng pag-aalis o pagdaragdag ng mga gamot, pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot, o paglilipat sa mga ito sa ibang tier ng bahagian sa gastos. **Basahin ang "Listahan ng Gamot" para tiyaking masasaklaw ang mga gamot ninyo sa susunod na taon at para tingnan kung magkakaroon ng anumang paghihigpit, o kung nailipat ang gamot ninyo sa ibang tier ng bahagian sa gastos.**

Ang karamihan ng pagbabago sa "Listahan ng Gamot" ay bago sa simula ng bawat taon. Gayunpaman, sa kabuuan ng taon, maaari kaming gumawa ng ibang pagbabago na pinapayagan ng mga panuntunan ng Medicare. Halimbawa, puwede naming alisin agad ang mga gamot na itinuturing ng FDA na hindi ligtas o mga gamot na inalis ng manufacturer ng produkto sa merkado. Ia-update namin ang aming online na "Listahan ng Gamot" para ibigay ang pinaka-updated na listahan ng mga gamot.

Kung maaapektuhan kayo ng pagbabago sa saklaw ng gamot sa simula o sa kalagitnaan ng taon, pakibasa ang Kabanata 9 ng inyong Katibayan ng Pagsaklaw at makipag-usap sa inyong doktor para malaman ang mga opsyon ninyo, gaya ng paghiling ng pansamantalang supply, paglalapat ng eksepsiyon at/o paghahanap ng bagong gamot. Maaari rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa karagdagang impormasyon.

Mga Pagbabago sa mga Gastos sa Inireresetang Gamot

May apat na **yugto ng pagbabayad sa gamot.** Ipinapakita ng impormasyon sa ibaba ang mga pagbabago sa unang dalawang yugto – ang Yugto ng Taunang Naibabawas at ang Yugto ng Paunang Saklaw. (Hindi naaabot ng karamihan ng miyembro ang dalawa pang yugto - ang Yugto ng Gap sa Saklaw at ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw.)

Mga Pagbabago sa Yugto ng Naibabawas

Yugto	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Yugto 1: Yugto ng Taunang Naibabawas	Dahil wala kaming naibabawas, hindi nalalapat sa inyo ang yugtong ito.	Dahil wala kaming naibabawas, hindi nalalapat sa inyo ang yugtong ito.

Mga Pagbabago sa Inyong Bahaginan sa Gastos sa Yugto ng Paunang Saklaw

Yugto	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Yugto 2: yugto ng Paunang Saklaw Sa yugtong ito, babayaran ng plano ang bahagi nito sa halaga ng inyong mga gamot, at **babayaran ninyo ang halagang nakabahagi sa inyo.** Ang mga halaga sa hilerang ito ay para sa supply na pang-isang buwan (30 araw) kapag binili ninyo ang inyong reseta sa isang parmasyang nasa network na naglalaan ng karaniwang bahaginan sa gastos. Para sa impormasyon tungkol sa mga gastos para sa pangmatagalang supply o para sa mga resetang mail-order, tingnan ang Kabanata 6 ng inyong *Katibayan ng Pagsaklaw*. Sinasaklaw nang libre ang karamihan sa mga bakuna sa Part D para sa mga adulto. Inaprubahan ng Medicare ang Wellcare na magbigay ng mas mababababang bahaginan-sa-bayad/ co-insurance bilang bahagi ng Value-Based Insurance Design program. Sa pamamagitan ng programang ito, nakakasubok ng mga bagong paraan ang Medicare para mapahusay ang mga Medicare Advantage plan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga VBID na benepisyo, mangyaring makipag-ugnayam sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.	Ang inyong gastos para sa supply na pang-isang buwan na binili sa isang parmasyang nasa network na may karaniwang bahaginan-sa-gastos: Magbabayad kayo ng $0 na copay kada reseta para sa lahat ng saklaw na Part D na gamot. _____ Kapag umabot na sa $4,660 ang kabuuang mga gastos ninyo sa gamot, malilipat na kayo sa susunod na yugto (ang Yugto ng Gap sa Saklaw).	Ang inyong gastos para sa supply na pang-isang buwan na binili sa isang parmasyang nasa network na may karaniwang bahaginan-sa-gastos: Magbabayad kayo ng $0 na copay kada reseta para sa lahat ng saklaw na Part D na gamot. _____ Kapag umabot na sa $5,030 ang kabuuang mga gastos ninyo sa gamot, malilipat na kayo sa susunod na yugto (ang Yugto ng Gap sa Saklaw).

Mga Pagbabago sa Yugto ng Gap sa Saklaw at Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw

Ang iba pang dalawang yugto sa saklaw ng gamot – ang Yugto ng Pansamantalang Limitasyon sa Saklaw at ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw – ay para sa mga taong may mga mataas na gastusin sa gamot. **Hindi naaabot ng karamihan ng miyembro ang Yugto ng Gap sa Saklaw at Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw.**

Simula 2024, kung maaabot ninyo ang Yugto ng Catastrophic na Pagsaklaw, wala kayong babayaran para sa mga saklaw na Part D na gamot.

Para sa partikular na impormasyon tungkol sa inyong mga gastusin sa mga yugtong ito, tingnan ang Kabanata 6, Seksyon 6 at 7, sa inyong *Katibayan ng Pagsaklaw*.

SEKSYON 3 Mga Administratibong Pagbabago

Ang impormasyon sa grid ng Mga Pagbabago sa Administrasyon na nasa ibaba ay nagpapakita ng mga pagbabago taon-taon sa inyong plano na hindi direktang nakakaapekto sa mga benepisyo o mga paghahati ng gastos.

Paglalarawan	2023 (ngayong taon)	2024 (sa susunod na taon)
Pagbabago sa Tagapamahala ng Benepisyo sa Parmasya (Pharmacy Benefit Manager, PBM) Nakikipag-partner ang Wellcare sa isang Tagapamahala ng Benepisyo sa Parmasya (PBM) para ibigay ang aming benepisyo sa parmasya. Ang Express Scripts® na ang aming magiging PBM na partner para sa taon ng plano 2024. Makakatanggap kayo ng updated na Wellcare ID card. **Pakisimulan na ang paggamit sa updated ninyong ID card sa 1/1/24.** Para matiyak na updated ang impormasyon ng inyong parmasya, **mangyaring ipakita ang bago ninyong Wellcare ID card kapag kukuha kayo ng resetang gamot sa unang pagkakataon mula 1/1/24.** Kung hindi ninyo dala ang inyong bagong ID card kapag kukunin ninyo ang inyong reseta, hilingin sa parmasya na tawagan ang plano para makuha ang kinakailangang impormasyon. Kung hindi makukuha ng parmasya ang kinakailangang impormasyon, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang kabuuang halaga ng reseta kapag kukunin ninyo ito at pagkatapos ay isumite ito para sa reimbursement.	CVS Caremark	Express Scripts®

SEKSYON 4 Pagpapasya Kung Alin ang Pipiliing Plano

Seksyon 4.1 – Kung gusto ninyong manatili sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)

Para manatili sa aming plano, wala kayong kailangang gawin. Kung hindi kayo magpapatala para sa ibang plano o lilipat sa Original Medicare bago ang Disyembre 7, awtomatiko kayong ipapatala sa aming Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).

Seksyon 4.2 – Kung gusto ninyong magpalit ng plano

Umaasa kaming mananatili kayong miyembro sa susunod na taon ngunit kung gusto ninyong magpalit ng plano para sa 2024, sundin ang mga hakbang na ito:

Hakbang 1: Alamin at paghambingin ang inyong mga opsyon

- Maaari kayong sumali sa ibang planong pangkalusugan ng Medicare,
- -- *O* -- Maaari kayong lumipat sa Original Medicare. Kung lilipat kayo sa Original Medicare, kakailanganin ninyong magpasya kung sasali sa isang plano sa gamot ng Medicare.

Para malaman pa ang tungkol sa Original Medicare at ang iba't ibang uri ng mga plano ng Medicare, gamitin ang Medicare Plan Finder (www.medicare.gov/plan-compare), basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2024*, tawagan ang inyong Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan (tingnan ang Seksyon 6), o tawagan ang Medicare (tingnan ang Seksyon 8.2).

Hakbang 2: Baguhin ang inyong saklaw

- Upang **lumipat sa ibang planong pangkalusugan ng Medicare**, magpatala sa bagong plano. Awtomatiko kayong maaalis sa pagkakatala sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).
- Upang **lumipat sa Original Medicare na may plano para sa inireresetang gamot**, magpatala sa bagong plano sa gamot. Awtomatiko kayong maaalis sa pagkakatala sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP).
- Upang **lumipat sa Original Medicare na walang plano para sa inireresetang gamot**, dapat ninyong gawin ang alinman sa sumusunod:
    - Magpadala sa amin ng nakasulat na kahilingang maalis sa pagkakatala. Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro kung kailangan ninyo ng higit pang impormasyon sa kung paano ito gagawin.
    - – *o* – Makipag-ugnayan sa **Medicare**, sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, at hilinging maalis sa pagkakatala. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Kung lilipat kayo sa Original Medicare at **hindi** kayo magpapatala sa isang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare, maaari kayong itala ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban kung umalis kayo sa awtomatikong pagpapatala.

SEKSYON 5 Pagpapalit ng Plano

Kung gusto ninyong lumipat sa ibang plano o sa Original Medicare para sa susunod na taon, maaari ninyo itong gawin mula **Oktubre 15 hanggang Disyembre 7.** Magkakabisa ang pagbabago sa Enero 1, 2024.

May iba bang panahon sa loob ng taon kung kailan makakagawa ng pagbabago?

Sa ilang partikular na sitwasyon, pinapayagan din ang pagbabago sa ibang panahon sa loob ng taon. Kabilang sa mga halimbawa ang mga taong may Medicaid, ang mga nakakakuha ng "Extra Help" na nagbabayad para sa kanilang mga gamot, ang mga may saklaw o aalis sa saklaw ng employer, at ang mga umalis sa sineserbisyuhang lugar.

Dahil mayroon kayong California Medi-Cal (Medicaid), maaari ninyong wakasan ang inyong membership sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa bawat sumusunod na **Natatanging Panahon ng Pagpapatala:**

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Kung nagpatala kayo sa isang Medicare Advantage na plano para sa Enero 1, 2024, at hindi ninyo gusto ang inyong napiling plano, maaari kayong lumipat sa ibang planong pangkalusugan ng Medicare (may pagsaklaw man sa inireresetang gamot ng Medicare o wala) o lumipat sa Original Medicare (may pagsaklaw man sa inireresetang gamot ng Medicare o wala) mula Enero 1 hanggang Marso 31, 2024.

Kung kakapasok lang ninyo, kung kasalukuyan kayong nasa loob, o kung kalalabas lang ninyo sa isang institusyon (gaya ng pasilidad ng dalubhasang pangangalaga (skilled nursing facility) o ospital ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care hospital)), puwede ninyong palitan ang inyong saklaw sa Medicare **anumang oras**. Puwede kayong lumipat sa anumang iba pang planong pangkalusugan ng Medicare (may pagsaklaw man sa inireresetang gamot ng Medicare o wala) o sa Original Medicare (may hiwalay man na plano sa inireresetang gamot ng Medicare o wala) anumang oras.

SEKSYON 6 Mga Programang Nag-aalok ng Libreng Pagpapayo tungkol sa Medicare at Medicaid

Ang Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan (SHIP) ay isang hiwalay na programa ng pamahalaan na may mga sinanay na tagapayo sa bawat estado. Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan ng California (HICAP).

Isa itong programa ng estado na nakakakuha ng pera mula sa Pederal na pamahalaan upang makapagbigay ng **libreng** lokal na pagpapayo tungkol sa insurance na pangkalusugan sa mga taong may Medicare. Makakatulong sa inyo ang mga tagapayo ng Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan ng California (HICAP) sa mga tanong o problema ninyo sa Medicare. Makakatulong sila sa inyo na unawain ang inyong mga piniling plano ng Medicare at sagutin ang mga tanong tungkol sa pagpapalit ng plano. Puwede kayong tumawag sa California Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP)

sa 1-800-434-0222 (dapat tumawag sa 711 ang mga gumagamit ng TTY). Malalaman ninyo ang higit pa tungkol sa California Health Insurance Counseling and Advocacy Program (HICAP) sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang website (https://www.aging.ca.gov/hicap/).

Para sa mga tanong tungkol sa inyong mga benepisyo sa California Medi-Cal (Medicaid), makipag-ugnayan sa California Medi-Cal (Medicaid) sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077) 8 a.m. - 5 p.m. PT, Lunes - Biyernes. Itanong kung paano makakaapekto ang pagsali sa ibang plano o pagbalik sa Original Medicare sa pagkuha ninyo ng inyong saklaw sa California Medi-Cal (Medicaid).

SEKSYON 7 Mga Programang Nakakatulong na Bayaran ang mga Inireresetang Gamot

Maaari kayong makwalipika para sa tulong sa pagbabayad para sa mga inireresetang gamot. Inilista namin sa ibaba ang iba't ibang uri ng tulong:

- **“Extra Help” mula sa Medicare.** Dahil mayroon kayong Medicaid, nakatala na kayo sa “Extra Help,” na tinatawag ding Subsidy para sa Mababa ang Kita. Binabayaran ng “Extra Help” ang ilan sa inyong mga premium sa inireresetang gamot, taunang naibabawas at coinsurance. Dahil kwalipikado kayo, wala kayong gap sa saklaw o multa sa huling pagpapatala. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa “Extra Help”, tumawag sa:
  - 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048, 24 na oras sa isang araw/7 araw sa isang linggo;
  - Social Security Office sa 1-800-772-1213 mula 8 am hanggang 7 pm, Lunes hanggang Biyernes para sa isang kinatawan. Available 24 na oras kada araw ang mga automated na mensahe. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778; o
  - Ang inyong State Medicaid Office (mga aplikasyon).
- **Tulong mula sa programa sa pharmaceutical na tulong ng inyong estado.** May programa ang California na tinatawag na California MediCal Rx Customer Service Center na tumutulong sa mga tao na magbayad ng mga inireresetang gamot batay sa kanilang pinansyal na pangangailangan, edad, o medikal na kundisyon. Para alamin pa ang tungkol sa programa, magtanong sa inyong Programang Tulong ng Estado sa Segurong Pangkalusugan.
- **Sinasaklaw nang libre ang karamihan sa mga bakuna sa Part D para sa mga adulto. Tulong sa Bahagian sa Gastos sa Reseta para sa mga Taong may HIV/AIDS.** Ang Programang Tulong sa Gamot sa AIDS (AIDS Drug Assistance Program o ADAP) ay tumutulong na tiyaking ang mga indibidwal na kwalipikado para sa ADAP na may HIV/AIDS ay may access sa mga gamot para sa HIV na nakakapagligtas ng buhay. Dapat matugunan ng mga indibidwal ang ilang partikular na pamantayan, kasama na ang patunay ng pagkamamamayan sa Estado at status ng HIV, mababang kita ayon sa paglalarawan ng Estado, at status na walang insurance/may kaunting insurance. Ang mga inireresetang gamot ng Medicare Part D na sinasaklaw din ng ADAP ay kwalipikado para sa tulong sa bahagian sa gastos sa reseta sa pamamagitan ng Programang Tulong sa Gamot sa AIDS (ADAP) ng California. Para sa impormasyon tungkol sa mga pamantayan para sa pagiging kwalipikado, mga

saklaw na gamot, o kung paano magpapatala sa programa, pakitawagan ang Programang Tulong sa Gamot sa AIDS (ADAP) ng California sa 1-916-558-1784 (TTY 711) mula 8 a.m. - 5 p.m. lokal na oras, Lunes - Biyernes.

SEKSYON 8 May mga tanong?

Seksyon 8.1 – Pagkuha ng Tulong mula sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP)

May mga tanong? Narito kami upang tumulong. Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-431-9007. (TTY lang, tumawag sa 711). Available kami para sa mga tawag sa telepono. Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang mga tawag sa mga numerong ito.

Basahin ang inyong *Katibayan ng Pagsaklaw* sa 2024 (mayroon itong mga detalye tungkol sa mga benepisyo at halaga sa susunod na taon)

Nagbibigay sa inyo ang *Taunang Abiso ng mga Pagbabago* na ito ng buod ng mga pagbabago sa inyong mga benepisyo at halaga para sa 2024. Para sa mga detalye, tingnan ang *Katibayan ng Pagsaklaw* sa 2024 para sa Wellcare Dual Liberty (HMO D-SNP). Ang *Katibayan ng Pagsaklaw* ay ang legal at detalyadong paglalarawan sa mga benepisyo ng inyong plano. Ipinapaliwanag dito ang inyong mga karapatan at ang mga panuntunang kailangan ninyong sundin upang matanggap ang mga saklaw na serbisyo at inireresetang gamot. Mayroong kopya ng *Katibayan ng Pagsaklaw* sa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Maaari din kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para hilingin sa amin na magpadala sa inyo sa koreo ng *Katibayan ng Pagsaklaw*.

Bisitahin ang aming Website

Puwede rin ninyong bisitahin ang aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Bilang paalala, makikita sa aming website ang pinaka-updated na impormasyon tungkol sa aming network ng tagapagbigay ng serbisyo (*Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*) at aming listahan ng mga Saklaw na Gamot *(Pormularyo/"Listahan ng Gamot")*.

Seksyon 8.2 – Pagkuha ng Tulong mula sa Medicare

Upang direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare:

Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)

Maaari kayong tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Bumisita sa Website ng Medicare

Bisitahin ang website ng Medicare (www.medicare.gov). Mayroon itong impormasyon tungkol sa halaga, saklaw, at mga Star Rating ng kalidad para matulungan kayong paghambingin ang mga planong pangkalusugan ng Medicare sa inyong lugar. Para tingnan ang impormasyon tungkol sa mga plano, pumunta sa www.medicare.gov/plan-compare.

Basahin ang *Medicare at Ikaw 2024*

Basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2024* . Tuwing taglagas, ipinapadala ang dokumentong ito sa mga taong may Medicare. Makakakita rito ng buod ng mga benepisyo, karapatan at proteksyon mula sa Medicare, at ng mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Kung wala kayong kopya ng dokumentong ito, maaari ninyo itong kunin sa website ng Medicare (https://www.medicare.gov/Pubs/pdf/10050-medicare-and-you.pdf) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Seksyon 8.3 – Pagkuha ng Tulong mula sa Medicaid

Upang kumuha ng impormasyon mula sa Medicaid, maaari kayong tumawag sa California Medi-Cal (Medicaid) sa 1-800-541-5555. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-430-7077 mula 8 a.m. - 5 p.m. PT, Lunes - Biyernes.

Abiso sa Hindi Pandidiskrimina

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Wellcare By Health Net ang mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Wellcare By Health Net ay hindi lumalabag sa batas na nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o naiiba ang pakikitungo sa kanila dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal.

Nagbibigay ang Wellcare By Health Net ng:

- Libreng tulong at mga serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang maging madali ang pakikipag-ugnayan nila sa amin, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Wellcare By Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-431-9007**. Sa pagitan ng Oktubre 1 hanggang Marso 31, maaari ninyo kaming tawagan 7 araw sa isang linggo mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, matatawagan ninyo kami nang Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Isang messaging system ang ginagamit sa mga oras na sarado, tuwing Sabado at Linggo, at kapag pederal na holiday. Kung kayo ay hindi makarinig o makapagsalita nang maayos, maaaring tumawag sa **TTY 711**. Kapag hiniling, ang dokumentong ito ay maaaring maging available sa inyo sa braille, malaking print, audiocasette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya ng isa sa alternatibong mga format na ito, maaaring tumawag o sumulat sa:

Wellcare By Health Net
21281 Burbank Blvd.
Woodland Hills, CA 91367
1-800-431-9007 (TTY: 711)

Paano Maghahain ng Karaingan

Kung kayo ay naniniwala na ang Wellcare By Health Net ay nabigo sa pagbigay ng mga serbisyong ito o lumabag sa batas na nagtatanggi sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal, maaari kayong maghain ng karaingan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro. Maaari kayong maghain ng karaingan sa telepono, sa pagsulat, personal, o sa elektronikong paraan:

- **Sa telepono:** Kontakin ang Civil Rights Coordinator ng Wellcare By Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-458-2208**. Mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes. O, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang maayos, maaaring tumawag sa TTY 711.

- Sa sulat: Magsagot ng form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
  Wellcare Civil Rights Coordinator
  P.O. Box 9103
  Van Nuys, CA 91409-9103
- **Personal:** Bumisita sa opisina ng inyong doktor o ng Wellcare By Health Net at sabihin na gusto ninyong maghain ng karaingan.
- **Elektronikong Pamamaraan:** Bumisita sa website ng Wellcare By Halth Net sa **wellcare.com/healthnetCA**.

Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil – Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaari kayong maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa telepono, sa pagsulat, o elektronikong pamamaraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang maayos, tumawag sa **TTY 711 (Telecommunications Relay Service)**.
- **Sa sulat:** Magsagot ng form ng reklamo o sumulat sa:
  Deputy Director, Office of Civil Rights
  Department of Health Care Services
  Office of Civil Rights
  P.O. Box 997413, MS 0009
  Sacramento, CA 95899-7413
  Available ang mga form ng reklamo sa **http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx**.
- **Elektronikong pamamaraan:** Magpadala ng email sa **CivilRights@dhcs.ca.gov**.

Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.

Kung naniniwala kayo na nadiskrimina kayo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, puwede rin kayong maghain ng reklamo tungkol sa karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa telepono, sa pagsulat, o elektronikong pamamaraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung kayo ay hindi makapagsalita o makarinig nang maayos, maaaring tumawag sa
  TTY/TDD 1-800-537-7697.
- Sa sulat: Magsagot ng form ng reklamo o sumulat sa:
  U.S. Department of Health and Human Services
  200 Independence Avenue SW.
  Room 509F, HHH Building
  Washington, D.C. 20201
  Available ang mga form para sa reklamo sa **http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html**.
- **Elektronikong pamamaraan:** Bumisita sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa **https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf**.

English: ATTENTION: If you need help in your language call **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-800-431-9007** (TTY: **711**). These services are free of charge.

Arabic (العربية): انتباه: إذا كنت بحاجة إلى مساعدة بلغتك، فاتصل على الرقم **1-800-431-9007** (TTY: **711**). تتوفر أيضًا مساعدات وخدمات للأشخاص ذوي الإعاقات مثل المستندات بطريقة برايل وبطباعة كبيرة. اتصل على الرقم **1-800-431-9007** (TTY: **711**). وهذه الخدمات مجانية.

Armenian (Հայերեն): ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե Ձեր լեզվով օգնության կարիք ունեք, զանգահարեք **1-800-431-9007** (TTY՝ **711**): Հասանելի են նաև օգնություն և ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, ինչպիսիք են՝ բրայլյան և խոշոր տառերով փաստաթղթերը: Զանգահարեք **1-800-431-9007** (TTY՝ **711**): Այս ծառայություններն անվճար են:

Cambodian (ភាសាខ្មែរ): ចំណាំ៖ ប្រសិនបើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសារបស់អ្នក សូមទូរសព្ទទៅលេខ **1-800-431-9007** (TTY:**711**)។ ជំនួយនិងសេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារជាអក្សរផុសសម្រាប់ជនពិការភ្នែក និងពុម្ពអក្សរធំ ក៏មានផងដែរ។ ទូរសព្ទទៅកាន់លេខ **1-800-431-9007** (TTY: **711**)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃនោះទេ។

Chinese Mandarin (普通话): 注意：如果您需要语言支持，请致电 **1-800-431-9007**（TTY：**711**）。此外，还为残疾人提供辅助和相关服务，如盲文文件和大字体文件。请致电 **1-800-431-9007**（TTY：**711**）。这些服务均免费提供。

Chinese Cantonese (**廣東話**): 注意：如果您需要以您母語提供的協助，請致電 **1-800-431-9007** (TTY：**711**)。我們也爲殘疾人士提供輔助和服務，例如點字和大字體印刷的文件。請致電 **1-800-431-9007** (TTY：**711**)。這些服務爲免費服務。

Farsi (فارسی): توجه: اگر به زبان خود نیاز به کمک دارید با **1-800-431-9007** تماس بگیرید (رایگان: **711**). پشتیبانی و خدمات برای افراد دارای معلولیت، مانند اسناد با خط بریل و چاپ درشت، نیز موجود است. با **1-800-431-9007** (رایگان: **711**) تماس بگیرید. این خدمات رایگان است.

Hindi (हिंदी): ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में मदद चाहिए, तो **1-800-431-9007** (TTY: **711**) पर कॉल करें. विकलांग लोगों के लिए ब्रेल और बड़े प्रिंट में दस्तावेज़ जैसी सहायता और सेवाएं उपलब्ध हैं. **1-800-431-9007** (TTY: **711**) पर कॉल करें. ये सेवाएं नि:शुल्क हैं.

Hmong (Lus Hmoob): THOV PAUB TXOG: Yog tias koj xav tau kev pab ua koj hom lus thov hu rau **1-800-431-9007** (TTY:**711**). Tsis tas i ntawd, peb tseem muaj cov neeg pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg uas muaj cov kev xiam oob qhab, xws li cov ntaub ntawv ua ntawv su rau neeg dig muag thiab ntawv luam loj. Hu rau **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Cov kev pab cuam no tsis muaj nqi dab tsi ntxiv lawm.

Japanese (**日本語**): 注意：言語のヘルプが必要な場合は **1-800-431-9007**（TTY：**711**）までお電話ください。障害をお持ちの方には、点字や大判プリントなどの補助機能やサービスもご利用になれます。**1-800-431-9007**（TTY：**711**）までお電話ください。これらのサービスは無料です。

Korean (한국어): 주의: 귀하의 구사 언어로 도움을 받으셔야 한다면 **1-800-431-9007** (TTY:**711**)번으로 연락해 주십시오. 점자 및 큰 활자 인쇄 형식으로 된 문서 등 장애인을 위한 도움 및 서비스도 제공됩니다. **1-800-431-9007**(TTY: **711**)번으로 연락해 주십시오. 해당 서비스는 무료로 제공됩니다.

Laotian (**ພາສາລາວ**): ສຳຄັນ: ຖ້າຫາກວ່າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ ໂທຫາ **1-800-431-9007** (TTY:**711**). ນອກຈາກນີ້, ຍັງມີການຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການ ສຳລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນ: ເອກະສານທີ່ເປັນຕົວອັກສອນນູນ ແລະ ການພິມຂະໜາດໃຫຍ. ໂທຫາ **1-800-431-9007** (TTY: **711**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນຟຣີ.

Mien (Mienh): Liouh Eix: Oix se meih oix nongc zuqc gorngv mienh wac daih taengx meih, cingv meih mboqv dienx wac **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Yie mbuo hac haih nongc mienh wac daih taengx waic fangx nyei mienh, hnangv zing mangc mv buatc lamh nyei mienh nongc nyei nzangc caux domh nzangc wenh jienx. Cingv meih mboqv dienx wac **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Naiv deix bong zouc gong se maiv siou zinh nyanh nyei.

Punjabi (ਪੰਜਾਬੀ): ਧਿਆਨ ਦਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਚਾਹੀਦੀ ਹੈ, ਤਾਂ **1-800-431-9007** 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ **(TTY:711)**। ਬਰੇਲ ਲਪਿੀ ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਪ੍ਰਰਿਟ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ਾਂ ਵਰਗੀਆਂ ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾਵਾਂ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। **1-800-431-9007** 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ **(TTY: 711)**। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਬਲਿਕੁਲ ਮੁਫ਼ਤ ਹਨ।

Russian (Русский): ВНИМАНИЕ: если вам требуется помощь на родном языке, позвоните по номеру **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Также доступны сопутствующая помощь и услуги для людей с ограниченными возможностями, такие как материалы, напечатанные крупным шрифтом и шрифтом Брайля. Позвоните по номеру **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Эти услуги предоставляются бесплатно.

Spanish (Español): ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma llame al **1-800-431-9007** (TTY: **711**). También están disponibles ayudas y servicios para personas con discapacidades, como documentos en Braille y letra grande. Llame al **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog (Tagalog): ATENSYON: Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa **1-800-431-9007** (TTY:**711**). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Walang bayad ang mga serbisyong ito.

Thai (ภาษาไทย): **โปรดทราบ**: **หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ โปรดโทร 1-800-431-9007** (TTY:**711**) **นอกจากนี ยังมีความช่วยเหลือและบริการสำหรับผู้พิการ เช่น เอกสารทีเป็นอักษรเบรลล์และเอกสารทีใช้ตัวอักษรขนาดใหญ่ โทร 1-800-431-9007** (TTY: **711**) **บริการเหล่านีไม่มีค่าใช้จ่าย**

Ukrainian (Українська): УВАГА! Якщо ви потребуєте підтримки своєю мовою, телефонуйте за номером **1-800-431-9007** (TTY:**711**). Також доступні засоби та послуги для людей з обмеженими можливостями, як-от документи шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте за номером **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Ці послуги є безкоштовними.

Vietnamese (Tiếng Việt): CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của quý vị, hãy gọi số **1-800-431-9007** (TTY:**711**). Các hỗ trợ và dịch vụ dành cho người khuyết tật, chẳng hạn như tài liệu bằng chữ nổi và bản in cỡ chữ lớn cũng được cung cấp. Gọi số **1-800-431-9007** (TTY: **711**). Các dịch vụ này được miễn phí.